Si Ginoong Segundo "Dino"Cuadro Ranoa kasama ang kanyang anak habang tinatanggap ang tseke mula kay Ginoong Jojo Jareño, Manager, Overseas Operations Department.

Ang pagmamahal daw ng isang magulang sa kanyang mga anak ang pinakadakila sa lahat. Kung kaya't sa kabila ng maayos nang trabaho dito sa Pilipinas, may ilan sa ating mga kababayan ang tinitiis pa rin ang hirap na mapalayo sa pamilya upang maibigay ang pinakamagandang buhay para sa kanyang mga minamahal.

Ganito ang kuwento ni G. Segundino "Dino" Cuadro Ranoa, 57 anyos, may asawa, at tubong Bohol. Kapitan sa isa sa mga barko ng Philippine National Oil Company (PNOC) at may buwanang kita na P70,000.00 bago lumipat si Dino sa isang *international shipment company* noong 1989. Kung ibang tao ang magsasabi, sapat na ang halagang ito upang mapag-aral ang kanyang tatlong anak. Subalit katwiran ni Dino, malaking bagay pa rin ang makapagtrabaho sa Selandia Crew Management na nagkaloob sa kanya ng mas malaking sweldo at magandang benepisyo.

Dahil sa paghahanda at pagseseguro na ginawa ni Dino, at ng kanyang maybahay na si Rosario "Rose" Evangelista-Ranoa, silang mag-asawa ay nagkamit ng tatlong "tropeo" na habangbuhay na magpapatunay ng kanilang pagiging mabuting mga magulang. Una, ang kanilang panganay na anak na si Dianna Rose ay isa na ngayong *molecular biologist* at *doctorate degree holder* sa University of Illinois sa America. Ang kanilang pangalawang anak naman na si Van Randy ay piloto ng domestic at international *flights* ng Cebu Pacific, samantalang ang bunsong anak na si Rañel Vanselo ay *certified public accountant* na nakabase sa Ernst and Young sa Guam.

Ayon kay Dino, malaking dahilan ng tagumpay ng kanyang mga anak ang pag aalaga at pagpapalaking ginawa ni Rose na siyang laging kasama ng mga ito habang siya ay nasa ibayong dagat. Si Rose din ang dahilan kung bakit si Dino ay naging miyembro ng Pag-IBIG Fund at nakapag-ipon ng malaki-laking halaga dito.

Pagbabalik tanaw ni Dino, simula nang maging miyembro siya ng Pag-IBIG noong 1989, si Rose ang matiyagang naghuhulog ng kanyang buwanang ipon sa Manila o dili kaya'y sa Caloocan Branch kung saan malapit ang opisina nito. Si Rose mismo ay miyembro din ng Pag-IBIG Fund.

Matapos ang ilang taon, nakuha ni Dino ang kanyang kabuuang ipon na umabot sa **P477,868.94** at **$115.80**.Ganun na lamang ang gulat at tuwa ni Dino sa kanyang natanggap sapagkat sa halagang ito, P286,199.20 lamang ang kanyang naipon at ang **P191,669.74 ay ang dibidendong** ipinagkaloob ng Pag-IBIG. Ayon sa kanya, ngayong nakita niya ang benepisyong kaakibat ng pagiging kasapi ng Pag-IBIG Fund, kanyang hihikayatin ang kanyang mga anak at kasamahan sa barko na taasan ang kanilang buwanang ipon upang may maitabi sila sa kanilang pagtanda o dili kaya ay may magamit na panimula sa negosyo tulad niya.

Matapos ang 23 taong paglalayag at sa pakiusap na rin ng kanyang mga anak, pinag-iisipan na ni Dino ang magretiro. Aniya, naapektuhan na rin ang kanyang kalusugan dahil sa mga kemikal na kanyang nalalanghap araw-araw sa barko. Gayunpaman, sa kanyang pagreretiro, hindi pa rin malalayo sa dagat si Dino sapagkat kanyang gugulin ang kanyang oras sa ipinapagawang beach resort ng kanyang pamilya sa Buen Unido, Bohol. Dagdag pa niya, dito niya gagamitin ang perang natanggap sa Pag-IBIG Fund.

Ang kuwento ni Dino ay isa nanamang halimbawa na ang pag-iimpok at paghahanda para sa kinabukasan ay dapat ginagawa ng bawat manggagawang Pilipino. Maliit man o malaki ang kinikita ngayon, lahat tayo ay may pangangailangan sa hinaharap. At sa tulong ng Pag-IBIG Fund ang iyong pinaghihirapan ngayon ay tiyak na may magandang katuparan sa hinaharap